ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg. 14
Hulyo 21, 2017
www.philippinerevolution.info

## Mga opensiba, umarangkada sa buong kapuluan

MULA NORTHERN Luzon hanggang Western Mindanao, sunud-sunod na naglunsad ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pwersa ng estado. Tugon ito sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na paigtingin ang paglaban ng mamamayan sa *all-out war* at batas militar ng rehimeng Duterte.

**Bukidnon.** Hinaras noong Hulyo 4 ng mga myembro ng BHB-North Central Mindanao Region (NCMR) ang 24 tropa ng 8th IB sa Sityo Kalakapan, Barangay Kanangaan, Cabanglasan, Bukidnon. Isa ang patay habang dalawa ang sugatan sa tropa ng militar.

Sa sumunod na araw, Hulyo 5, binigo naman ng mga Pulang mandirigma ang yunit ng 8th IB at Special Forces sa ilalim ng 403rd IBde nang atakehin nito ang kampo ng BHB sa bahagi ng Sityo Miaray, Barangay Manggaod ng parehong bayan.. Tatlo ang patay sa hanay ng AFP matapos silang masabugan ng *command-detonated explosive*.

Tinambangan naman ng mga kasapi ng Front 6, BHB-NCMR ang mga elemento ng 8th IB sa Barangay Dao, San Fernando, noong Hulyo 13.

Nasawi sa ambus sina Josh at Reynalo Licawan, habang sugatan naman si Pvt. Benjamin "Nonong" Salusad, lahat mga myembro ng grupong paramilitar.

*"Mga opensiba...," sundan sa pahina 3*




**EDITORYAL**

# Puspusang labanan ang pagpapalawig ng batas militar

Dapat magkaisa ang buong sambayanang Pilipino at lahat ng rebolusyonaryong pwersa para buong-lakas na labanan ang balak ng rehimeng Duterte na palawigin ang batas militar sa Mindanao hanggang sa katapusan ng taon.

Ang pagpapalawig ng batas militar ay tiyak na magreresulta sa lalong paglala ng mga abusong militar at pulis. Lalo pa nitong patatagalin ang pagdurusa ng mamamayan sa isinasagawang paghihigpit laban sa kanilang mga kalayaang sibil at pampulitika at palalalain ang mga paglabag sa kanilang mga demokratikong karapatan.

Lalo ring titindi ang pagtatakip sa katotohanan ng malawakang mga paglabag sa karapatang-tao upang tiyakin na ang laganap na salaysay tungkol sa batas militar sa Mindanao ay pabor sa AFP, kay Duterte at sa US. Ang katotohanan sa pagkubkob sa Marawi City, laluna ang tunay na mga dahilan, ang dami ng mga namatay na sibilyan at sundalo ng AFP at lawak ng armadong paglaban ay pilit na tinatabunan ng sala-salabat na mga kwentong barbero ng tagapagsalita ng AFP.

Patuloy na inilalatag ni Duterte ang pundasyon ng paghaharing diktador na nakapailalim sa kapangyarihan ng imperyalismong US. Malamang na kaagad pagtitibayin ng kanyang supermayorya ng mga alipures sa kongreso ang pagpapalawig ng batas militar. Laway na laway na sila sa makukuha nilang pa-

kinabang sa mga inihahanay na malalaking proyekto ni Duterte na nais iratsada sa ilalim ng batas militar.

Nais ni Duterte na palawigin ang batas militar sa Mindanao sa hangal na paghahangad na ganap na supilin ang armadong paglaban ng iba't ibang armadong grupong Moro sa Marawi City. Naglunsad siya roon ng gerang di niya kayang tapusin. Lalong itinulak ng gerang Duterte-US-AFP ang mamamayang Moro na mag-armas upang singilin ang malawak na pagkamatay at pagkawasak na idinulot ng pasistang pagkubkob at walang patumanggang pambobomba sa Marawi City. "Tama na!" ang sigaw ng mamamayan ng Marawi upang makabalik na sila sa kanilang mga winasak na bahay.

Isinumite ni Duterte ang binagong borador ng Bangsamoro Basic Law at pinagmamadali ang kongreso na pagtibayin ito sa maling pag-aakalang mapahuhupa nito ang galit ng mamamayang Moro. Taliwas sa hangad ni Duterte, ang pagpapatibay ng BBL at ang hungkag niyang deklarasyong "pagbuo ng bagong bansa sa ilalim ng konstitusyon" ng mapanupil na reaksyunaryong estado ay magbubunsod lamang ng panibagong gera para tunay na maisulong ang kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Nagbabadyang sumiklab ang malawakang apoy ng armadong paglaban ng Bangsamoro.

Ang pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao ay nakatuon rin sa pagpapatuloy at lalong pagpapaigting ng todong-gera ni Duterte laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa nakaraang dalawang buwan sa ilalim ng batas militar sa Mindanao, walang habas ang mga opensiba ng AFP laban sa BHB at laban sa mga pinagsususpetsahang sumusuporta sa BHB. Isinagawa ang paghuhulog ng bomba at panganganyon sa North Cotabato, Bukidnon, Davao del Sur, Davao City, Davao del Norte, Compostela Valley at iba pang mga prubinsya. Sinupil ang mga karapatan ng mga manggagawa. Binuwag ang mga piketlayn. Tumindi ang mga atake at pagsakop ng AFP laban sa mga komunidad. Lalong lumakas ang loob ng mga paramilitar sa pananakot at pagharas sa mga Lumad. Sa Mindanao, hindi bababa sa 10,000 ang pwersahang nagbakwit sa nagdaang dalawang buwan ng todong-gera ng AFP sa ilalim ng batas militar, dagdag sa 410,000 bakwit mula sa Marawi at mga kanugnog na lugar.

Ang batas militar ni Duterte, sa Mindanao man o sa buong bansa, ay tahasang paglapastangan sa mga karapatan at kalayaan ng bawat Pilipino. Ikinukubli nito ang tuwirang panghihimasok sa Pilipinas ng mga pwersang militar ng US sa isinasagawa nitong elektronikong paniniktik, paggamit ng mga *drone* sa pambobomba laluna sa gabi at pagdidirihe ng operasyon ng AFP. Nais din ni Duterte na paspasan ang pagtatatag ng buong pasistang makinarya ng panunupil. Kabilang dito ang planong ipatupad ang isang National ID system na maaaring gawing armas para higpitan ang karapatan ng mga tao sa malayang pagkilos at bilang kasangkapan para sa malawakang sarbeylans. Sa ilalim ng pinalawig at posibleng pinalawak na batas militar sa Mindanao, maaaring gamitin ni Duterte ang kanyang kapangyarihan para isagasa ang planong bagong mga buwis at iba pang mga patakaran sa ekonomya sa kapinsalaan ng mga karapatan at interes ng bayan.

Kaya't dapat ubos-kayang labanan ng buong sambayanang Pilipino ang planong pagpapalawig at posibleng pagpapalawak ni Duterte sa batas militar sa Mindanao. Mahigpit na nagkakaisa at lubos na determinado ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa na labanan ang planong ito ni Duterte.

Dapat patuloy na magpalakas ang Bagong Hukbong Bayan sa buong bansa. Dapat mabilis na magrekrut ng bagong mga Pulang mandirigma, buuin ang bagong mga regular at lokal na yunit gerilya. Dapat kunin ng BHB ang inisyatiba sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at kontra-aksyon sa buong bansa upang gapiin ang batas militar sa Mindanao at todong-gera sa buong bansa. AB


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 14 | Hulyo 21, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcinfo

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Puspusang labanan ang pagpapalawig sa batas militar 1

Mga opensiba, umarangkada 1

AKP sa panahon ng batas militar 4

Tindeg Ranao, tutol sa batas militar 5

Mga pagkilos bago ang SONA 2017 5

Mga komersyal na plantasyon 6

Ekspansyon ng plantasyon sa *oil palm* 7

G20: salamin ng krisis 8

Gubyerno ng Rebolusyong Oktubre 10

Paglabag sa karapatang-tao 11



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Mga opensiba...," mula sa pahina 1*

Noong Hulyo 14, isa pang platun ng 8th IB na naglulunsad ng Civil Military Operations ang hinaras ng isang yunit ng Front 6 sa Barangay Mahayag, Quezon, Bukidnon. Dalawa ang patay sa militar, habang isa ang nasawi sa BHB.

**North Cotabato.** Sa ulat ng BHB-SMR Regional Operations Command, hinarang sa tsekpoynt na itinayo ng 1st Pulang Bagani Company (PBC) sa Barangay Katipunan, Arakan sa kahabaan ng Davao-Cotabato-Bukidnon haywey ang isang *van* na walang marka at madilim ang salamin noong Hulyo 19.

Ang tsekpoynt ay bahagi ng mga aksyong militar na isinagawa ng naturang yunit bilang tugon sa kampanya ng PKP na labanan ang batas militar sa Mindanao.

Nagpakilala ang drayber ng sasakyan na sundalo raw ng AFP. Nang mapansin na hindi AFP ang nakabantay sa tsekpoynt, umamba siyang bubunot ng baril at dali-daling pinarangkada ang sasakyan. Dahil rito, napilitan ang mga Pulang mandirigma na paputukan ang sasakyan upang paralisahin ito.

Sa puntong ito, ang ikalawang sasakyan sa kanilang *convoy* ay dumating at pinaputukan ang yunit ng BHB. Nakalusot ito sa tsekpoynt subalit napahinto rin ng isa pang platun ng mga Pulang hukbo bago makalayo. Sa puntong ito, napag-alaman ng yunit ng BHB na mga elemento ng Presidential Security Group ang lulan ng dalawang *van*.

Matapos matanggap ang mando, nilisan ng BHB ang erya. Bago nito, inaresto ng BHB ang isang ahente ng CIDG-Bukidnon na si Rogelio Magno. Kasalukuyan siyang hawak ng Pulang hukbo para sa imbestigasyon.

**Compostela Valley.** Noong Hulyo 11, naaresto rin sa isinagawang tsekpoynt ng BHB-Comval-Davao East Coast Subregional Operations Command si PO1 Alfredo Sillada Basabica, Jr. sa Km. 26, Barangay Panansalan, Compostela Valley. Si PO1 Pasabeca ay kasalukuyang iniimbestigahan para sa posibleng krimen laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Nakadestino si Pasabeca sa Cateel Municipal Police Substation sa Brgy. Aliwagwag, Compostela Valley. Ang yunit nito ay ginagamit ng lokal na reaksyunaryong gubyerno sa kanilang kontra-magsasaka at kontra-Lumad na mga proyekto. Iniimbestigahan rin ito sa paglipana ng iligal na bentahan ng droga sa Cateel, tortyur ng limang magsasaka na iligal na inaresto noong Marso at Mayo, at paniniktik sa mga sibilyan.

Dalawang pulis ang hawak ngayon ng mga Pulang mandirigma.

Samantala, nireyd ng 1st PBC ang bahay ng isang negosyante at kilalang elemento ng militar sa paniniktik sa Riverside, Talomo, Calinan District, Davao City noong Hulyo 7. Nakuha mula rito ang isang karbin.

**Zamboanga.** Noong Hulyo 16, inambus ng BHB-Zamboanga Peninsula Regional Operations Command ang yunit ng 44th IB sa Purok Biwa, Barangay Titik 1, Leon Postigo, Zamboanga del Norte. Tumagal ang labanan ng mahigit isa at kalahating oras hanggang sa dumating ang mga tropang nagreimpors nito sa Barangay Bukana at Titik 2. Isa ang patay habang pito ang sugatan sa hanay ng militar. Lima naman ang sugatan na Pulang mandirigma. Isang sibilyan ang napaslang sa palitan ng putok.

Sa araw ding iyon, tinambangan ng isa pang platun ng BHB ang may tropa ng 42nd IB na lulan ng trak na KM450 na sasaklolo sana sa yunit ng AFP na inambus noong umaga. Sampu ang patay habang tatlo ang sugatan sa AFP. Isa naman ang sugatan sa BHB. Namatay sa labanan si Ka Masaw, isang mandirigma.


**Surigao del Sur**. Nireyd ng isang yunit ng BHB-Northeastearn Mindanao Region ang bahay ni Cortes Vice Mayor Emmanuel Suarez sa Barangay Mabahid noong Hulyo 18. Apat na armas ang nakuha mula sa kanya. Pinaalalahanan ng BHB si Suarez na kailangan niyang itigil ang laganap na iligal na pagtotroso at pangingisda sa bayan ng Cortes.

**Samar**. Hinaras ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Samar noong Hunyo 7, alas-7:30 ng umaga ang dalawang kolum ng 14th IB sa Barangay Salvacion, Canavid, Eastern Samar. Tatlong sundalo ang namatay.

**Negros.** Pinarusahan ng Roselyn Pelle Command ng BHB-Negros, ang lider ng RPA-ABB na si Charlie Boliboli sa Salvador Benedicto, Negros Occidental.

Suspek si Boliboli sa serye ng krimen sa mamamayan tulad ng pagpaslang, pang-aagaw ng lupa at pandarahas sa mga magsasaka sa Barangay Bago, Salvador Benedicto.

Ayon kay Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng Roselyn Pelle Command, aktibo itong nagpapakana ng



mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad at nagsisilbing giya sa mga operasyong militar.

**Camarines Sur.** Mahigit 30 minutong engkwentro ang naganap sa pagitan ng BHB-Camarines Sur (Norben Gruta Command) at mga elemento ng 9th ID sa Barangay Salvacion, Ragay, Camarines Sur noong Hulyo 19. Isa ang napatay sa hanay ng AFP.

Hulyo 18 pa lamang ay sinusubaybayan na ang pagpasok ng tatlong pormasyon ng AFP sa mga barangay ng Baya, Napolidan at Cawayan. Kinabukasan pumasok na ang isang yunit ng Alpha Coy ng 9th IB sa Barangay Salvacion mula sa Barangay Baya.

**Kalinga.** Isa ang patay habang lima ang sugatan sa tropa ng 50th IB matapos makasagupa ang yunit ng BHB-Kalinga (Lejo Cawilan Command) noong Hulyo 4 sa Batong Buhay, Barangay Balatoc, Pasil.

Ayon sa BHB-Kalinga, mula Hunyo pa aktibong nag-ooperasyon ang tropa ng militar sa mga baryo ng Balatoc at Colayo. Nagdulot sila ng matinding takot at perwisyo sa mga sibilyan. Nagkakampo sila sa mga kabahayan, *barangay hall* at eskwelahan sa Barangay Colayo. Pwersahan rin silang nangrerekrut ng mga CAFGU sa Barangay Balatoc.


Samantala, noong Hulyo 14, pinasabugan ng *command-detonated explosive* ng BHB-Cagayan ang isang *patrol car* ng PNP sa Barangay Diduyon, Maddela, Cagayan. Sugatan sa pagsabog ang limang pulis at isang sibilyan.

**Palawan.** Hulyo 18, pinasabugan ng isang yunit ng Bienvenido Vallever Command ng BHB-South Palawan ang isang M35 truck ng 4th Marine Battalion Landing Team sa Barangay Tarusan, Bataraza, Palawan. Isa ang sugatan sa 4th MBLT. Samantala, pinarusahan naman ng NPA-North Palawan ang dalawang abusadong Marines sa Barangay Magara, Roxas, Palawan. AB

# AKP sa panahon ng batas militar

Sa nakaraang tatlong buwan, halos 200 mga kadre ng Partido at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang matagumpay na nakapagtapos ng Abanteng Kurso ng Partido (AKP) sa Mindanao. Hindi napigilan ng batas militar ng rehimeng Duterte ang kapasyahan ng Partido na ilunsad ang mga pormal na edukasyon para ibayong itaas ang kaisahan at kamulatan sa Marxismo-Leninismo-Maoismo ng kasapian. Bahagi ito ng lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa buong isla.

Pinakahuli rito ang halos magkasabay na pagdaraos ng pag-aaral ng dalawang bats sa dalawang rehiyon noong Hunyo. Idinaos sa NCMR ang unang bats ng mga mag-aaral. Binuksan ang pag-aaral sa pamamagitan ng isang programa kung saan itinanghal ng mga kasama ang kanilang mga talentong pangkultura. Sa takbo ng pag-aaral, aktibo at masigla ang pagbabahaginan ng mga estudyante ng kanilang mga karanasan at naintindihan sa mga teorya. Dagdag na napalamnan ang borador na sumada ng rehiyon sa kolektibong pag-aaral ng mga grupo, kung saan pinalawig ang diskusyon sa burukratismo. Pinagaan naman ng mga instruktor ang kanilang mga aralin sa pamamagitan ng biswal na mga presentasyon at mga pagpapatawa na nakapagpasaya sa mga estudyante. Sa mga kasamang huli nang nakarating, ang mga kagrupo na nila ang tumulong para makahabol sa mga aralin.



Isa sa mga ginawang *slide*

Umabot sa 42 ang mga estudyanteng nakapagtapos at walo ang nagrepaso. Nagtapos ang pag-aaral sa isang programa kung saan tinanggap ng mga mag-aaral ang kanilang mga diploma, nagbigay ng kani-kanilang mensahe at mga presentasyong kultural ang bawat grupo. Kinanta ng *steering committee* ang Pakunotay sa Agtang (Pagkunutan ng Noo) at AKP jingle na ginawa noong 2015. Sayaw-galaw naman sa awit na Muog na Buo ang naging presentasyon ng isang grupo. Mapanghamon ang naging mga mensahe ng mga instruktor, gayundin ng mga punong-abala. Mainit na tinanggap ng lahat ang balitang isinalin na sa Bisaya ang praymer na Batayang Prinsipyo ng Marxismo-Leninismo na sinulat ni Jose Maria Sison at mababaon na nila ito sa kanilang pagbalik sa kani-kanilang mga larangan ng gawain.

Sa SMR, natipon ang bats ng 36 na mag-aaral para sa isa pang serye ng AKP noong Hunyo. Binuo ang 18-kataong kwerpo ng mga instruktor mula sa mga estudyante ng naunang mga bats. Sa loob ng 15 araw, nagtulong-tulong ang mga instruktor, gamit ang makulay at mapanlikhang mga tulong-biswal, para maayos na idaos ang limang kurso. Mula pilosopiya hanggang sa praktika ng konstruksyong sosyalista, kolektibong natuto ang mga instruktor at estudyante sa isa't isa. Halo ang mga estudyante, mayroong mga petiburges na nakapagtapos ng matataas na kurso sa kolehiyo, mga manggagawa, gayundin ang mga magsasakang hindi nakatuntong sa elementarya at sa kilusan na natuto ng literasiya. Masigla rin ang pagbabahaginan, mga "debate" at mga diskusyong lumalapat sa kanilang sariling mga karanasan. Isa rito ang pagpapalalim sa usapin ng empirisismo at ang iba't ibang anyo nito

sa kani-kanilang mga larangan.

Sa pagitan ng mga lektura, regular ang mga balitaan, palabas na bidyo at meryendang tsamporado. Bago gumabi, nagtitipon ang mga estudyante sa kani-kanilang mga grupo na halong petiburges, manggagawa at magsasaka para tasahin ang lektura at maghanda para sa susunod na araw. Itinatanong ang mga nakaligtaang itanong, binubuod ang mga pag-aaral ng grupong inatasang mag-"recap" at nagbabahaginan ng mga naintindihan.

Lalong mapadadali ang paglulunsad ng AKP ngayong dumarami na ang mga maaaring gumampan bilang mga instruktor. Inaasahan ng Partido na makakamit ang target nitong patapusin ang lahat ng namumunong kadre at mandirigma hanggang sa antas subrehiyon sa loob ng kasalukuyang taon hindi lamang sa Mindanao kundi sa buong kapuluan.

Ang kaalamang naibabahagi sa mga pormal na kurso ng Partido ay armas hindi lamang para sa kagyat na pagsulong ng digmang bayan, kundi pati sa pagharap ng mga hamon pagtakapos ng tagumpay nito. AB

## Tindeg Ranao, tumutol sa batas militar ni Duterte

MAHIGIT 100 biktimang sapilitang pinalikas ng pambobomba ng AFP sa Marawi at deklarasyon ng batas militar sa Mindanao ang nagtipon sa Iligan City noong Hulyo 18 upang buuin ang Tindeg Ranao laban sa pambobomba, pag-alis ng batas militar, igiit ang hustisya sa mga biktima ng batas militar at komprehensibong rehabilitasyon sa Marawi City.

Mayorya sa dumalo ay nagmula sa iba't ibang sentro ng ebakwasyon sa Iligan City, Lanao del Norte at Lanao del Sur, na nasaklaw ng inilunsad na National Interfaith Humanitarian Mission na pinangunahan ng Kalinaw Mindanao noong Hunyo.

Nakiisa rin sa aktibidad si Jerome Succor Aba, tagapangulo ng Suara Bangsamoro, at si Ms. Aida Ibrahim ng Kalinaw Mindanao-Northern Mindanao Region. Tinalakay dito ang kalagayan nila sa ilalim ng administrasyong Duterte at ang kalagayan ng mga bakwit sa mga komunidad ng Lanao.

Mayorya sa mga biktima ang nagpahayag ng kahilingan na agad na makabalik sa kanilang mga tahanan. Dagdag pa rito, hiling nila na magkaroon ng malalim na imbestigasyon sa naganap na atake sa Marawi na nagdulot ng pagkawasak ng syudad, malawakang kagutuman at krisis.

Mahigit 410,000 indibidwal na ang apektado ng panggegera ni Duterte sa Marawi. Bilang resulta, daan-daan ang namatay, habang ilan ang sugatan dulot ng pambobomba.

Binuo rin noong Hulyo 19 ang Dansalan Tano Sa Kalilintad, alyansa ng mga ulama, propesyunal at iba pang sektor sa Marawi. Isa sa mga unang aktibidad ng alyansa ang paglulunsad ng serye ng konsultasyon sa mga bakwit. Magkakaroon din ng talakayan sa pagitan ng AFP, mga lokal na upisyal at ARMM. Naglano ang alyansa ng "Peace March to Marawi" sa araw ng SONA ni Duterte sa Hulyo 24.

# Mga pagkilos bago ang SONA 2017

Isang serye ng mga pagkilos ang inilunsad ng iba't ibang sektor bilang paghahanda sa ikalawang State of the Nation Address ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP sa Hulyo 24. Dala nila ang mga isyu ng kanilang mga sektor, kasabay ng panawagang itigil na ang batas militar.

**#KamPOBREro ng manggagawa**. Itinayo ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at All Workers Unity ang kampuhan ng mga manggagawa na tinaguriang #KamPOBREro sa harap ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Maynila na magtatagal mula Hulyo 10 hanggang sa SONA ni Duterte.

Lumahok dito ang mahigit 100 manggagawa kabilang ang mga minero mula sa Caraga, at manggagawang agrikultural ng Freshmax Fruit Corp. at Shin Sun Tropical Fruit Corp. mula sa Compostela Valley.

Ayon kay Jacinto Tanduyan, pangkalahatang kalihim ng KMU-Caraga, tumindi pa ang atake sa karapatan ng mga manggagawa at paglaganap ng kontraktwalisasyon sa sektor ng pagmimina sa ilalim ng batas militar.

Mayorya sa kanila ay mga iligal na tinanggal ng Redfive, isang kumpanyang nagmimina ng ginto sa Caraga. Pinasinungalingan ng mga manggagawa ang pahayag ng DOLE na 70,000 manggagawa na ang naregularisa sa unang taon ng rehimeng Duterte.

Sa ulat ng KMU, sa industriya pa lamang ng pagmimina ay 90% na ang kontraktwal na manggagawa. Sa Hinatuan Mining Corporation, idineklara ng DOLE-Caraga na 1,827 ang regular na manggagawa ngunit sa aktwal 89 lamang ang manggagawang direktang tinanggap ng kumpanya habang ang mayorya ay mula sa mga ahensya ng kontraktwal na paggawa.

Sa sumunod na araw ng kampuhan, Hulyo 11, hinarap sila nina Sec. Silvestre Bello at Usec. Joel Maglunsod ng DOLE. Naigiit nila ang pakikipagdayalogo sa maneydsment ng Redfive noong Hulyo 18 upang dinggin ang mga kaso ng iligal na tanggalan at pagbuwag sa kanilang unyon.

Noong Hulyo 17, inilipat ng mga manggagawa ang kampuhan sa Mendiola malapit sa Malacañang sa Maynila.

**"Magtagumpay!" sigaw ng mga magsasaka.** Kasabay ng ika-

32 taon ng pagkakatatag nito, inilunsad ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ng ikawalong pambansang kongreso nito sa Ibalong Centrum for Recreation sa Legazpi, Albay noong Hulyo 12-13. Umaabot sa 2,000 ang mga lumahok mula sa 67 balangay ng KMP sa 15 rehiyon sa buong bansa.

Inilunsad ito kasabay ng sumusulong na mga lokal na pakikibakang magsasaka sa buong bansa. Tunay na reporma sa lupa at libreng pamamahagi ng lupa ang mayor na panawagan ng aktibidad. Giit ng KMP, dapat nang ibalik ang P75 bilyong pondo ng *coco levy* sa maliliit na magniniyog.

Nagsilbi ang kanilang temang 'Magtagumpay' bilang sagot sa mararahas na maniobra ng rehimeng Duterte, na desperadong panatilihin ang maka-imperyalistang ekonomya at ang malapyudal na kaayusan ng bansa. Ang pagpapalayas sa mga magsasaka ay simula lamang ng panibagong bugso ng pangangamkam ng lupa para sa dayuhang interes.

Noong Hulyo 14, naglunsad ng maikling programa ang libu-libong delegado sa Pinaglabanan Shrine, Legazpi City at nagmartsa tungong Philippine Coconut Authority sa Albay upang ipanawagan ang pagbalik ng pondo ng *coco levy* sa mga magsasaka.

**Rali ng mga tsuper laban sa korporatisasyon.** May 4,000 tsuper at opereytor naman ang lumahok sa karaban na inilunsad ng PISTON at No to Jeepney Phase Out Coalition noong Hulyo 18. Mariing tinutulan ng mga tsuper ang planong *phaseout* ng mga dyip para sa interes ng iilang monopolyo kapitalista.

Naglunsad din ng katulad na protesta sa Baguio, Isabela, Bulacan, NCR, Laguna, Bicol, Capiz, Iloilo, Cebu at Davao.

Samantala, binigo ng mga manggagawa ng Keyrin Electronics Philippines Inc. ang pagtatangka ng kumpanyang itakas ang mga makina at iba pang kagamitan noong Hulyo 16. Nagbarikada ang mga manggagawa sa loob at labas ng pagawaan. Sa harap ng interbensyon ng PEZA-Cavite at lokal na upisyal ng CALABARZON DOLE, mahigpit na nanindigan ang mga manggagawa sa kanilang karapatan. AB

---

Monopolyo sa lupa

# Mga komersyal na plantasyon



Habang malalaking tipak ng lupa ang nakapaloob sa sistemang asyenda, malalaking bahagi rin ng lupang agrikultural sa bansa ang saklaw ng mga komersyal na plantasyon. Karamihan nito ay nasa Mindanao, kung saan kalahating milyong ektarya o 12% ng agrikultural na lupa ng isla ay mga plantasyon.

Kalakhan nito ay mga plantasyon ng goma (43%), kasunod ang mga plantasyon ng tubo (19%), saging na Cavendish (17%), pinya (10%), *oil palm* (9%) at kakaw (2%). Liban sa tubo at *oil palm*, halos 100% ng ani ng naturang mga produktong agrikultural ay mula sa Mindanao. Ang ilang plantasyon ng *oil palm* ay nasa Palawan (8.4% ng pambansang produksyon) at Bohol (12%). Malalaking bahagi ng produksyon ng tubo ay nakapaloob sa mga asyenda sa Central Luzon at Negros.

Mula't sapul, dominado ng mga monopolyong korporasyong agrikultural ang mga komersyal na plantasyon sa bansa. Pangunahin dito ang mga Amerikanong kumpanyang Del Monte na naglatag ng plantasyon para sa eksport noong dekada 1920 at Dole noong 1960. Gamit ang mga di-pantay na tratadong pangkalakalan, itinali ng mga kumpanyang ito ang lokal na produksyong agrikultural sa merkado ng US. Noong 1920-1939, halimbawa, lumaki mula 50% tungong 79% ang eksport ng Pilipinas sa US, habang 65% naman ang inilaki ng mga import ng bansa mula sa US.

Sa sumunod na mga dekada, pumasok ang ibang dayuhang monopolyong kapitalista at nakisosyo sa papet na estado at mga lokal na panginoong maylupa. Liban sa Dole at Del Monte, malalaking tipak ng lupa ang kontrolado ng kumpanyang Japanese na Sumifru at Italyanong Unifrutti para sa produksyon ng saging at pinya. Nasa kamay rin ng mga kumpanyang Japanese tulad ng Yokohama ang mga plantasyon ng goma, kasama ang ibang kumpanyang US tulad ng Dunlop. Ang mga plantasyon ng *oil palm* ay hawak ng mga kumpanyang Pilipino-Malaysian habang ang mga plantasyon ng kakaw ay hawak ng mga kasosyo ng malalaking kumpanyang Amerikano tulad ng Nestlé at Mars Inc.

Nagawa ng mga kumpanyang ito na palawakin ang kani-kanilang mga operasyon sa pamamagitan ng pang-aagaw ng lupa, pagkalbo sa

mga gubat at pandarahas. Katuwang ng mga ito ang papet na estado na nagtibay ng samutsaring mga batas para padaliin ang pagpapalayas sa mga magsasaka at katutubo sa mga lupang nais nilang pakinabangan. Pangunahin sa mga batas na ito ang huwad na reporma sa lupa ng magkakasunod na rehimen na bumitag sa mga benepisyaryo nito sa maanomalyang mga kaayusan ng *contract growing* o *agricultural ventures agreement* (AVA). Sa ilalim ng mga kontratang ito, "inuupahan" ng mga multinasyunal na kumpanya ang mga lupa ng magsasaka nang hanggang 25 taon sa napakababang halaga (kasimbaba ng P166/buwan kada ektarya). Sa kaso ng saging, itinali naman nila ang mga benepisyaryo sa mga kontrata kung saan binibili ang kanilang mga produkto sa napakababang presyo (halimbawa, $2.50 o P125 kada kahong may 13 kilo).

Kapalit ng kanilang lupa, pinagtatrabaho ng mga kumpanya ang piling mga benepisyaryo sa mga plantasyon bilang mga kontraktwal at sinasahuran ng mas mababa pa sa minimum na sahod. Sa buong isla, pinakamababa ang sahod na P235/araw sa Zamboanga Peninsula habang pinakamataas naman ang P306/araw sa Region XI. Ito ay sa kabila ng nasa P283 na ang minimum na sahod para sa manggagawang agrikultural sa Zamboanga Peninsula at P335 sa Region XI. Mahigit P1,000 naman ang kalkuladong pambansang sahod na nakabubuhay. Para matugunan ang kanilang pangangailangan, madalas na nagtatrabaho ang lahat ng myembro ng isang pamilya sa mga plantasyon, kabilang ang mga bata. Sa mga plantasyon ng *oil palm*, isa sa bawat apat na manggagawa ay menor-de-edad.

**Ekpansyon sa susunod na mga taon**

Sa pamamagitan ng mga kaayusan tulad ng "pinangangasiwaang sakahan" at mga *contract growing agreement* sa mga kooperatiba o indibidwal na magsasaka, lalupang napalawak ang operasyon ng mga komersyal na plantasyon. Sa nakaraang mahigit isang dekada, lumawak nang 80% ang sinaklaw na lupaing agrikultural sa Mindanao. Pinakamalaki ang ekspansyon para sa produksyon ng goma na sumaklaw ng tatlong beses (mula 81,667 ektarya noong 2005 tungong 214,315 ektarya sa 2014) at para sa *oil palm* (mula 23,478 ektarya tungong 42,731 sa parehong panahon).

Nakatakda pang lumawak ang naturang mga plantasyon sa susunod na mga taon. Noong 2014, inianunsyo ng Dole Philippines ang plano nitong magdagdag ng 12,000 ektarya para sa kanilang mga plantasyon. Nitong buwan, pinasinayaan nito ang bagong planta sa South Cotabato sa gitna ng 3,000-ektaryang bagong bukas na plantasyon. Noong 2015, nagbukas din ng 2,600-ektaryang plantasyon ng saging ang Unifrutti sa Maguindanao. Balak namang dagdagan pa ng 256,360 ektarya ang mga plantasyon ng tubo. Pinakamalaki ang planong ekspansyon ng mga plantasyon ng *oil palm*, na maaaring umabot sa 900,000 ektarya sa Mindanao pa lamang.

Lahat ng ani ng mga plantasyon, liban sa *oil palm,* ay nakatuon sa dayuhang mga merkado. Napunta sa China, Japan, Korea, Middle East at New Zealand ang mga saging na Cavendish. Gayundin ang pinya, kakaw at iba pa. Maliit na bahagi naman ng produksyon ng *palm oil* (15%) ang para sa lokal na konsumo. Bagamat malalawak na ang plantasyon nito sa Mindanao, malaking bahagi pa rin ng lokal na pangangailangan para rito ang iniimport mula sa labas ng bansa dahil ang lokal na produksyon ay natuon sa merkado ng Germany, Malaysia at India.

Sa gayon, patuloy na nagsisilbi sa dayuhang mga kumpanya at dayuhang merkado ang mga plantasyon sa Pilipinas. Halos wala itong pakinabang sa mamamayan, liban sa panandalian at di-tiyak na empleyo. Sa halip, nagdudulot ito ng malawakang dislokasyon, pagkawasak sa kapaligiran at gutom. AB

Ekspansyon ng plantasyon sa *oil palm*

# Pang-aagaw ng lupang ansestral

ISA SA PINAKAMASAHOL na plano ng dating rehimeng US-Aquino na ngayon ay puspusang isinusulong ng rehimeng Duterte ang pagpapalawak ng mga plantasyon sa *oil palm*. Alinsunod sa binalangkas na plano para rito mula 2014 hanggang 2023, tinukoy nito ang potensyal na pagpapalawak nang hanggang isang milyong ektaryang lupa. Pinakamalaki rito ay nasa Caraga (384,000 ektarya o 39%), kasunod ang Northern Mindanao (16%), SOCSKSARGEN (11.5%), Western Mindanao, Southern Mindanao at ARMM (lahat nasa 10%). Tinukoy din nito ang limang bayan sa Palawan bilang mainam na paglalatagan ng mga plantasyon.

Kalakhan ng mga lupang tinukoy ng plano ay lupang ninuno ng mga Lumad, Moro at Palawan. Sa Agusan del Sur pa lamang, sasaklawin ng ekspansyon ang 43 barangay sa walong bayan na nakapailalim sa 11 Certificate of Ancestral Domain Title (CADT). Ganito rin ang kalagayan sa Agusan del Norte at Surigao del Sur.

Malawak din ang sasaklawin ng mga plantasyon sa ARMM na itinuturing na lupang ansestral ng mga Moro. Nitong taon, inaprubahan na ng panrehiyong pamahalaan dito ang plano ng Gintong Ani Corporation (GAC), isang kumpanyang Pilipino-Malaysian, na magtayo ng 5,000-ektaryang plantasyon sa Datu Odin Sinsuat, Maguindanao. Balak ng GAC na palawakin ang plantasyong ito tungong 20,000 ektarya sa susunod na mga taon.

Sa Lanao del Sur, may naitayo nang mga plantasyon ng *oil palm* noong 2004. Pero dulot ng pagtutol ng mga residente dito, napilitan ang kumpanyang Ma-

laysian (Tabung Haji) na lisanin ang mahigit 1,000 ektaryang natamnan na ng mga puno. Ang planong pagdaragdag ng mga plantasyon ay isa sa mga dahilan ng pagtutol ng mga angkan sa Lanao del Sur sa Bangsamoro Basic Law na anila'y nagbebenta ng kanilang mga lupang ansestral sa mga dayuhang kumpanya.

Itinayo ang unang plantasyon ng *oil palm* sa isla ng Basilan ng kumpanyang Menzi. Nadagdagan ito ng mga plantasyon sa Sultan Kudarat at Agusan del Sur sa sumunod na mga dekada. Pagsapit ng 2012, may mga plantasyon na sa siyam pang prubinsya (Palawan, Bohol, Zamboanga Sur at Norte, Surigao Sur, Agusan del Norte, Bukidnon, Misamis Oriental, Maguindanao). Pinakamalawak ang konsenstrasyon nito ngayon sa Caraga (20,040 ektarya) at SOCSKSARGEN (17,241 ektarya).

# G20 sa Germany: salamin ng krisis sa ekonomya at pulitika ng daigdig

Sinalubong ng protesta ng mahigit isandaang libong mamamayan mula sa Europe at iba pang panig ng daigdig ang taunang pulong ng Group of 20 (G20) noong Hulyo 7-8 sa Hamburg, Germany. Tumampok ang mga panawagan tulad ng "NO G20," "Capitalism Kills," (Pumapatay ang Kapitalismo) at "Make Capitalism History" (Tapusin ang Kapitalismo) na tumuligsa sa sistemang pang-ekonomyang kinakatawan ng G20.

Binubuo ang G20 ng pangunahing mga imperyalistang bansa at ang mga nasasaklaw ng kanilang impluwensya upang magkaisa sa paglutas sa krisis na kinakaharap ng kapitalismo. Mula nang itinatag matapos ang krisis sa pinansya sa Asia noong 1999, at laluna matapos ang pandaigdigang krisis sa pinansya noong 2008, naging pokus ng G20 ang tiyakin ang katatagan sa pinansya, pasiglahin ang kapitalismo at pigilan ang proteksyunismo sa hanay ng mga kapitalistang ekonomya.

Ngunit sa kabila ng taunang mga pulong, malayo sa kalutasan ng krisis ang mga pagtitipon ng G20. Sa nagtapos na pulong sa Hamburg, nanatili ang di-pagkakasundo ng mga bansa hinggil sa "malayang kalakalan." Inakusahan ng US ang China at iba pang bansa sa Europe ng pagtambak ng murang asero at nagbanta ng mataas na taripa sa mga ito (aabot ng hanggang 266%), bagay na itinuturing ng mga karibal nitong bansa bilang "proteksyunismo." Gayunpaman, ayon sa pag-aaral, umiiral rin ang mahigit 1,880 patakaran sa ekonomya ng iba pang bansa sa G20 na nagtatanggol sa interes ng kani-kanilang mga monopolyo kapitalista.

Ayon kay Prop. Jose Maria Sison, tagapangulo ng International League of Peoples' Struggle, ang ipinatupad na mga patakaran sa pinansya ng G20 ay nagbunsod lamang ng mga panibagong ispekulasyon sa kapital at paglaki ng mga utang kapwa sa mga imperyalista at atrasadong bansa. Hindi pa rin lumalampas sa 2% ang paglaki ng halos lahat ng abanteng kapitalistang mga ekonomya mula 2010. Ang kabuuang utang ng mga bansa sa buong daigdig ay umaabot na sa walang-kapantay na $217 trilyon sa unang kwarto ng 2017. Aabot sa $20 trilyon nito ang utang ng US, samantalang mabilis ding lumalaki ang utang ng China (tinatayang mahigit $25 trilyon), Brazil ($3.6 trilyon) at India ($2.9 trilyon). Sa katapusan ng taong ito, aabot sa $2 trilyon pautang ang dapat nang mabayaran (na ayon kay Prop. Sison ay kundisyon sa "panibagong pampinansyang kombulsyon" na magiging mas malubha kaysa 2008-09).

Ang dambuhalang mga bangko ang labis na nakikinabang. Ang apat na pinakamalalaking bangko ng US ay tumubo nang 30% mula 2013. Ang apat na pinakamalalaking bangko naman ng China ay lumaki ng 0.4% hanggang 1.9% noong 2016.

Sa kabilang banda, inaasahang mahigit 200 milyon ang bilang ng walang empleyo ngayong taon, ayon sa konserbatibong pagtaya ng International Labor Organization. Sa may mga trabaho, 1.4 bilyong mamamayan sa buong mundo ang nasa di-tiyak na mga empleyo. Ang bilang na ito ay lumalaki nang 11 milyon kada taon. Ibinahagi rin ni Sison na mahigit 1.6 bilyong mamamayan ng daigdig, maging sa mga abanteng kapitalistang bansa, ang pinagkakaitan ng mga serbisyong pangkalusugan at edukasyon, at karampatang pamumuhay. Binabawasan ang gastusin para sa serbisyong panlipunan samantalang pinalalaki ang gastusing militar at binabawasan ang buwis ng oligarkiya sa pinansya.

Katulad din sa nakaraang mga pagtitipon, pasismo ang tugon ng G20 sa mga protesta. Sa Germany, nagsimula ang mga protesta ilang araw pa bago magsidatingan ang mga lider ng G20. Kabilang sa mga nagprotesta ang mga estudyante, manggagawa at maging mga abugado. Anang isang kalahok, "Alam naming ang mga tao na nagdulot ng kahirapang laganap ngayon sa mundo—mga *refugee*, mga digmaan at iba pa—lahat sila'y nasa G20 at naghuhuntahan."

Sa mga araw bago ang pulong ng G20, matinding sinupil ng mga pulis ang mga nagpuprotesta. Ginamit din ng mga awtoridad sa panunupil ang mga *special forces* na armado ng matataas na kalibre ng baril. Pinasabugan ng *tear gas* ang

mga nagpuprotesta, binomba ng tubig, at binuwag ng mga *armoured personnel carrier* ang mga barikada. Nagdepensa ang mga raliyista sa pamamagitan ng mga bombang Molotov at kwitis laban sa mga pulis sa kalsada at sa mga helikopter. Pinagbawalan din ang mahigit 30 mamamahayag na magbalita sa G20.

**Mga kontradiksyon sa loob ng G20**

Samantala, muli ring nalantad sa G20 ang mga hidwaan sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ilang buwan bago pa ang pulong, nagpahayag ang lider ng Germany na "tapos na ang panahong lubusan tayong nakasalalay sa iba." Tugon ito ng Germany sa proteksyunistang mga hakbangin ng US tulad ng pagpataw ng mataas na taripa sa inaangkat na asero mula sa China, South Korea at Europe at paggiit ng US sa kanyang pagmina ng karbon taliwas sa kasunduan sa Paris hinggil sa klima.

Hindi rin nagustuhan ng Germany ang pagbitiw ng US sa komitment nito sa North Atlantic Treaty Organization (NATO) na sumaklolo sa mga kaalyadong bansa kapag inatake. Sa halip, brinaso ng US ang kanyang mga kaalyado sa NATO na tupdin ang kasunduang gumastos ng 2% ng kani-kanilang Gross Domestic Product para sa depensa.

Sa obserbasyon ni Sison, higit pang kumikiling ang Germany at iba pang mga bansa sa Europe tungong China. Sa kasalukuyan, ang Germany na ang tumatanggap ng pinakamalaking direktang pamumuhunan mula sa China. Mahigit $12 bilyon ang naisarang mga kontrata sa pagitan ng dalawang bansa noong 2016. Naglaan na rin ang Germany ng lima nitong sistema ng tren upang maging bahagi ng One Belt, One Road Initiative ng China na naglalayong magtayo ng mga pang-ekonomyang engklabo sa saklaw ng Europe at Asia, kapwa sa kalupaan at karagatan. Ang Germany at China rin ang mayor na mga bansang magkaugnay sa pamumuhunan sa Africa.

Gayundin, tinuligsa ng Germany at Austria ang panibagong panggigipit sa ekonomya na nais ipataw ng US sa Russia at ilang bansa sa EU resulta ng itinatayong panibagong *gas pipeline* (sistema ng tubong daluyan ng natural na gas) sa pagitan ng Russia at Germany. Kabahagi rin ang France, Netherlands at UK sa proyektong Nord Stream 2 *gas line* na magsusuplay ng *natural gas* mula sa Russia tungong Kanlurang Europe.


Bilang tugon sa kumpetisyon, ginarantiyahan ng US ang pagsusuplay ng *liquified natural gas* sa 12 bansang kabilang sa Three Seas Initiative sa pangunguna ng Poland. Ang mga bansang ito sa Central at Eastern Europe ay naglalayong bumaklas sa kontrol ng Russia sa monopolyo ng huli sa natural na gas sa rehiyon.

Sa larangan ng seguridad, lumalaki ang sentimyento sa loob ng Germany na magkaroon ng ugnayang militar sa Russia, kasabay ng papaliit na suporta ng mamamayan sa isang armadong aksyon ng Germany laban sa Russia. Maging si Angela Merkel, pinuno ng Germany, ay nagsabing nais nilang "makabahagi ang Russia bilang internasyunal na kalahok sa paglutas ng mga sigalot."

Kasabay sa pagtitipon ng G20, nagpulong din ang mga kalihim sa depensa ng US at UK upang talakayin ang pagpapaunlad ng kakayahan ng NATO laban sa agresyon ng Russia sa Silangang Europe. Sa inilabas na pahayag ng US Department of Defense matapos ang pulong, patuloy nilang itinuturing na matinding banta sa seguridad ang Russia.

Kasunod nito, naglunsad ng dalawang ehersisyong pandigma noong Hulyo 11-20 ang NATO sa Black Sea, malapit lamang sa hangganan ng Russia. Kalahok sa mga ehersisyong pandigma ang may kabuuang 30,000 tropa ng NATO, gayundin ang mga *missile destroyer*, *fighter jet,* at *amphibious* na pwersang Marines. Sa panig ng Russia at China, magkakaroon din ng ehersisyong nabal ang dalawang bansa ngayong Hulyo sa Baltic Region.

Sinabi ni Prop. Sison na ang mga ito'y sumasalamin sa tumitinding pangkalahatang krisis ng monopolyo kapitalismo at ang lumalaking desperasyon ng imperyalismong US na panatilihin ang kanyang pangunguna sa kaayusang pandaigdig matapos ang World War 2. AB



# Ang gubyerno ng Rebolusyong Oktubre 1917



Naganap at nagtagumpay ang Rebolusyong Oktubre habang rumaragasa ang Unang Digmaang Pandaigdig sa Europe, at matindi ang diskuntento ng mamamayan sa mga kahirapang dulot ng paglahok ng Russia rito. Nanindigan ang Partido Komunista ng Russia na harapin sa digmaan ang naghaharing uri ng sarili nilang bayan sa halip na sumuporta sa gera ng mga imperyalista, at ipinutok nila ang pag-aalsa. (*Tingnan sa Ang Bayan, Nobyembre 7, 2016.)*

Nagbukas ang Second All-Russian Congress of Soviets sa Smolny, Petrograd, alas 10:45 ng gabi noong Oktubre 25 (Nobyembre 7 sa kalendaryo ngayon), 1917, sa katindihan ng pag-aalsa sa Petrograd at naagaw na ng Sobyet (rebolusyonaryong gubyerno) ng Petrograd, ang kapangyarihan sa kapitolyo. Idineklara ng kongreso na ganap nang lumipat sa kamay ng mga Sobyet ang kapangyarihang pang-estado.

Noong gabi ng Oktubre 26, ilang oras lamang matapos ideklara ang tagumpay na ito, pinagtibay agad ng Second All-Russian Congress of Soviets ang Dikreto sa Kapayapaan na nanawagan sa lahat ng bayang nagdidigmaan na kagyat na magtigil-putukan nang may di bababa sa tatlong buwan upang makapagnegosasyong pangkapayapaan. Nanawagan din ito sa mulat na mga manggagawa ng tatlong pinakaabanteng bayan at pinakamalalaking estado na tumulong sa pagkamit ng kapayapaan habang isinusulong ang mithiin ng masang anakpawis para sa kalayaan mula sa lahat ng anyo ng pang-aalipin at pagsasamantala.

Sa gabing iyon din pinagtibay ng Second Congress of Soviets ang Dikreto sa Lupa, na kumumpiska sa mga lupang asendero. Bilang pagkilala sa tinig ng mga magsasaka, buong-buong pinagtibay ng gubyernong Bolshevik hanggang sa pinakahuling salita ang Nakaz (deklarasyon ng prinsipyo) ng mga magsasaka. Ang Nakaz ay mula sa tinipong 242 deklarasyon ng mga magsasaka ng iba't ibang lokalidad. Ipinasa para bungkalin ng mga magsasaka ang mahigit 162,000,000 ektarya ng lupa. Lahat ng rekursong mineral—langis, carbon at mga hilaw na metal—ay naging pag-aari ng mamamayan.

Ihinalal ng Second All-Russian Congress of Soviets ang unang gubyernong Sobyet—ang Konseho ng mga Komisar ng Mamamayan—upang mamahala sa pagpapatakbo ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Ibinigay na pangunahing mga tungkulin nito ang: pigilan ang paglaban ng burgesya, himukin sa panig ng proletaryado ang mayorya ng mga magsasaka, organisahin ang malawakang produksyon ng makinarya gamit ang mga pabrikang nakumpiska sa burgesya, at organisahin ang sosyalismo mula sa mga guho ng kapitalismo. Ito ang diktadura ng proletaryado, o diktadura ng nakararaming anakpawis laban sa iilang burgesya at panginoong maylupa na dati ay nang-alipin sa kanila.

Tinanggal ang mga ministro ng burges na pamahalaan at itinayo ang naaangkop na mga People's Commissariat. Nagbuo ng mga komite ng maralitang magsasaka na nanguna sa pagkonsolida ng Pulang kapangyarihan sa mga kanayunan, at sa kalaunan ay isinanib na sila sa mga naitayong Sobyet.

Apat na araw mula nang magtagumpay, isinabatas ang walong-oras ng paggawa. Sa gayon, ang Russia ang pinakaunang bansa sa daigdig na nagsabatas nito.

Pagkalipas naman ng isang linggo, pinagtibay ang batas sa seguridad panlipunan at patuloy na pinaunlad ito hanggang masakop ang lahat ng manggagawa sa usapin ng kapansanan, pensyon sa pagtanda, alawans sa mga ina na may tatlo o higit pang anak, pension sa pamilyang nawalan ng tagapaghanapbuhay at pampinansyang tulong sa mga estudyante sa kolehiyo. Sa sunod na mga taon ay sinakop na rin ng mga garantiyang panlipunan ang kolektibisadong mga magsasaka. Ginawang libre sa lahat ang serbisyong pangkalusugan laluna ang pangangalaga sa mga buntis at ang pagpaplano ng pagbubuntis.

Isinabatas noong 1919 ang libre at unibersal na edukasyon sa lahat ng batang edad tatlo hanggang 16 na taong gulang, at dinoble ang itinayong eskwelahan, kabilang na ang mga eskwelahan para sa mga may problema sa pagkatuto. Tumaas ang tantos ng literasiya mula 30% bago magrebolusyon tungo sa 75% noong 1937. Itinaguyod ang paggamit ng mga lenggwaheng hindi Russian at umabot sa 44 na lenggwahe ang bawat inilalabas na teksbuk. Sa mga konseho ng paaralan, kalahok ang lahat mula sa guro, estudyante hanggang dyanitor. Nagagawang ipatanggal ng mga estudyante ang

mga asignatura na sa tingin nila ay hindi kailangan. Naglunsad ng libreng mga lektura para sa mga hindi nakapag-eskwela, ginawang pampubliko ang sining, at ibayong dumami ang mga aklatan. Kahit sa kalagayan ng matinding gutom at kahirapan dulot ng gerang pandaigdigan, itinaas ng sampung ulit ang badyet sa edukasyon at pinagsikapan ng mga lokal na gubyerno na pakainin ang mga nagugutom na estudyante at guro bilang bahagi ng programa sa edukasyon.

Sa Deklarasyon ng mga Karapatan ng Mamamayan ng Russia, itinaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng mamayan, lalu-na ang pagkilala sa karapatan ng mga minoryang bansa sa sariling pagpapasya, at karapatan sa sariling paniniwala o relihiyon. Sa batas na ito, itinaguyod ang pantay na karapatan ng kababaihan sa empleyo, sa pantay na sahod para sa pantay na paggawa, at iba pang mga karapatan sa loob at labas ng pamilya. Binigyan ang kababaihan ng mga pagsasanay na teknikal o kaya'y pinag-aral sa kolehiyo, at hinimok na magpahayag sa publiko ng kanilang mga problema sa lugar ng paggawa.

Mga pag-unlad ito na hindi kailanman naranasan ng mamamayan ng Russia noong panahon ng burges na "demokrasya", kahit pa sa mga burges na nagpapakilalang "demokrasya" ng napakayayamang imperyalistang bayan sa panahong iyon tulad ng US, Britain, Germany at Japan. Pinaglingkod sa nakararami ang yamang dati ay hawak ng iilan at nabigyan ang mga mamamayan ng kalayaan at pagkakataon na mapaunlad ang sarili sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Narito ang kaibuturan ng tunay na demokrasya, ang sosyalistang demokrasya.

Kaya buong-pusong sinuportahan ng masang anakpawis ang diktadura mula sa mga panloob at panlabas na kaaway. Panloob na kaaway ang burgesyang gustong manumbalik sa kapangyarihan at panlabas ang sumasalakay na higanteng hukbong German noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Libu-libong manggagawa ang nagboluntaryong ipadala sa larangan ng digma, o kaya'y nag-obertaym sa pagawaan para mapunuan ang kakulangan ng mga manggagawang nasa labanan. Kaya't sa loob lamang ng humigit-kumulang 30 taon, isa na ang Soviet Union sa pinakamakapangyarihang mga bayan sa buong daigdig.

Nang mangibabaw sa Partido Komunista at sa gubyernong Sobyet ang mga rebisyunistang tulad ni Krushchev hanggang kay Gorbachev, unti-unti nilang ipinihit ang diktadura ng proletaryado tungo sa diktadura ng burgesya, kung saan ang gubyerno ay naging isang pribilehiyadong saray sa lipunan na may natatanging akses sa serbisyong publiko, luho at yaman ng bayan. Ngunit dahil sa lalim ng mga pagbabagong idinulot ng diktadura ng proletaryado sa buhay panlipunan ng Russia, kinailangan ng burgesya ng mas mahabang panahon para maipanumbalik ang kapitalismo kaysa sa panahong nagamit ng diktadura ng proletaryado sa pagtatayo ng sosyalistang ekonomya.

Aral ito sa masang anakpawis ng buong daigdig na naglalayong magtayo ng gubyernong maglilingkod sa sarili. Na hanggat nariyan ang burgesya, gagamitin nito ang lahat ng larangan at hindi maglulubay sa pagbawi ng kapangyarihan, kayat kailangan ng diktadura ng proletaryado na pipigil sa kanila. Gayundin, kailangan ng diktadurang ito ng higit na pagbabantay sa sarili upang hindi matangay ng rebisyunismo o burges na kaisipan ang sariling mga upisyal.

*Ang artikulong ito ay ikapito sa serye ng mga sulatin para sa paggunita ng ika-100 anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre. Para sa dagdag na detalye, basahin ang History of the Communist Party of the Soviet Union (Bolsheviks), 1939*

# Paglabag sa karapatang-tao, sumasahol

Sumasahol ang mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Duterte, batay sa mga ulat mula sa iba't ibang rehiyon.

**Malawakang pagbabakwit**



Aabot na sa kalahating milyon ang nagbakwit mula sa kanilang mga komunidad sa ilalim ng panunungkulan ni Duterte. Pangunahing dahilan nito ang malawakang pambobomba at pang-aatake ng militar na tila ayaw nang pabalikin ang mga residente ng mga komunidad na kanilang sinasalakay. Tampok dito ang nagaganap sa komunidad ng mga magsasaka, Moro at Lumad.

Sa loob lamang ng isang taon, 80,211 na ang nagbakwit mula sa Quirino, Samar, Negros Occidental, Sarangani, Compostela Valley, Agusan del Norte, Agusan del Sur, Maguindanao, Misamis Oriental, Sultan Kudarat, Davao City, Davao Oriental, Bukidnon, North Cotabato, at Surigao del Sur liban pa sa 410,000 na sapilitang napalikas sa Marawi.

Sa kasalukuyan, hindi pa rin tumitigil ang pambobomba ng militar sa Marawi kahit marami pang naiwang mga sibilyan sa loob ng syudad. Lumalala ang malawakang krisis ng dislokasyon at gutom. Ang mga nasa *evacuation center* naman ay pinatitira na sa 'tent city' sa Pantar, Lanao del Norte. Matatandaang ganito rin ang ginawa ng gubyerno sa mga nakaligtas sa bagyong Yolanda noong 2012 na hanggang sa kasalukuyan ay hindi

pa rin nakababalik sa kanilang mga komunidad. Imbes na tulungang itayo muli ang kanilang mga bahay, ginawa pa itong dahilan ng gubyerno para bigyang pabor ang mga burgesya kumprador na itayo ang kanilang mga negosyo kung saan nila mapagkakakitaan ang mga mamamayan.

Hindi pa rin tumitigil ang pag-atake ng mga militar at paramilitar sa mga eskwelahan ng mga Lumad. Ayon sa Save Our Schools Network, 66 na ang kaso ng pag-atake laban sa mga eskwelahan ng mga katutubo mula Hulyo 2016 hanggang Hunyo 2017. Ang pinakahuli ay ang muling paglikas ng 2,500 na mga Lumad mula sa Lianga, Surigao del Sur nitong Hulyo 5. Sila rin ang lumikas noong Setyembre 2015 dahil sa pagpatay sa mga lider ng kanilang komunidad at eskwelahan.

Pinalayas na nga sa kanilang paaralan, nakaranas pa ng pang-aabusong sekswal ng isang ahente ng militar ang isang estudyanteng 16 na taong gulang ng habang nasa kampuhan sa Panacañang.

**Pampulitikang pamamaslang**

Noong Hulyo 13, walang habas na pinagbabaril ng militar ang bahay ni Carlito Arado sa Mabini, Compostela Valley. Agad na namatay ang kanyang asawang si Carolina, habang sugatan si Carlito, ang kanyang manugang na si Analiza at dalawang anak nito na kapwa menor de edad. Kasapi si Analiza ng Parent Teacher and Community Association (PTCA) ng Salugpungan Ta Tanu Igkanogon Community Learning Center (STTICLC) at mahigpit na tumututol sa militarisasyon ng kanilang eskwelahan at komunidad.

Sa Surigao del Sur, pinatay ang lider-magsasakang si Silvestre Maratas, 38, ikalawang tagapangulo ng Kapunongan sa mga Mag-uuma sa Surigao Sur (KAMASS-KMP)-San Miguel noong Hulyo 16. Kasapi siya ng DAR Provincial Agrarian Reform Committee at dating barangay kagawad ng Barangay Magroyong, San Miguel, Surigao del Sur.

**Iligal na pag-aresto**

Sunud-sunod naman ang iligal na pag-aresto sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon. Noong Hulyo 11, inaresto ng mga pulis ang pastor at magsasakang si Kama L. Sanung sa Barangay Hinlaan sa Sultan Kudarat. Aktibong kasapi si Sanung ng Kesasabanay Dulangan Manobo (KEDUMA), organisasyon ng mga Lumad na nakikibaka para sa kanilang lupang ninuno laban sa pangangamkam ng David M. Consunji, Inc.

Sa Valencia, Bukidnon, inaresto ng mga sundalo at PNP Public Safety Company ang mag-asawang sina Ryan at Gretchen Espera, mga kasapi ng Kasama-Bukidnon, progresibong organisasyon ng mga magsasaka sa prubinsya. Pagkatapos silang dalhin sa presinto noong Hulyo 12, hindi pa muling nakikita ang mag-asawa. Kasabay nilang inaresto si Arvin Bacalso, 17 taong gulang, subalit hindi siya dinala sa presinto at hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa rin inililitaw.

Apat na araw namang nawala si Regine Tadeo, kasapi ng Kabataan Partylist sa Malibcong, Abra. Natagpuan si Regine ng mga residente ng Boliney na may mga sugat, at iniulat na dinukot ng 24th IB. Pagkatapos ibigay ng mga nakatatanda ng Mataragan sa Barangay Amti si Regine sa kanyang ama, pilit siyang inaaresto ng PNP-Abra kahit walang mandamyento de aresto. Iginiit ng pamilya at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao ng Cordillera Human Rights Alliance ang kustodiya kay Regine. Pinipilit pa rin maging ng 24th IB, at Governor Jocelyn Bernos ang pag-aresto sa kanya kahit nasa ospital na ito.

Sa San Francisco, Quezon, iligal ding inaresto noong Hulyo 7 sina Joey Querubin at Janeth Zamora kapwa magsasaka ng Sityo Landing, Brgy. Busdak. Ayon sa anak nila, naglagay ang mga pulis ng mga nakaplastik na umano'y droga sa bahay nila para gawing dahilan sa paghuli sa dalawa. Nagsimula ang mga serye ng panghaharas mula nang makapagtayo nang balangay ng Anakpawis sa kanilang lugar. Tinatakot sila at pinapapirma ng mga dokumento ng militar.

**Pananakot at panghaharas**

Pitong magsasaka mula sa Dupax del Norte, Nueva Vizcaya ang hinaras ng mga militar dahil taga-suporta diumano sila ng Bagong Hukbong Bayan sa kanilang lugar.

Kasalukuyang may kaso ng agawan sa lupa sa pagitan ng mga magsasaka at sa umaangkin sa lupang sinasaka nila.

Ang nakaambang pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao ay higit na magpapasahol sa malubhang paglabag sa karapatan ng mamamayang nakikibaka para sa kanilang pambansa-demokratikong adhikain.

Muli namang pinaalis ang mga residente ng Barangay Lake Danao sa Ormoc City sa pinagtayuan ng kanilang mga tolda nang sila ay lumikas noong Hulyo 6 dahil sa lindol. Pinaalis ng mga pulis at tauhan ng Taganito Mining Corporation sa lugar ang mga residente at inilipat sa ibang sentro ng ebakwasyon. AB

